REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-323**

**KAPASIYAHAN NA HUMIHILING SA PHILIPPINE NATIONAL CONSTRUCTION CORPORATION (PNCC) NA MADALIIN ANG MALAWAKANG PAG-AAYOS, PAGLILINIS AT PAGKUKUMPUNI (MAINTENANCE AND REPAIR) NG MGA SIRANG BAHAGI NG KAHABAAN NG SOUTH EXPRESSWAY MULA NICHOLS HANGGANG ALABANG.**

*************************************************************************************

Ipinanukala ni : **Kgg. Dante S. Almario**
Kasamang napanukala : **Lahat ng Miyembro ng Sangguniang Panglungsod**

*************************************************************************************

***SAPAGKAT,*** noong ika-18 ng Oktubre. 1993 ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa. ay nagpasa ng Kapasiyahan Bilang 93-108 na humihiling sa Kataas-Taasang Hukuman ( Supreme Court ) hinggil sa pagbabalik ng pangangasiwa ng Philippine National Construction Corporation sa bahagi ng South Expressway mula Nichols hanggang Alabang na may kaukulang Toll Fee o' kabayaran;

***SAPAGKAT,*** ang pagbabalik ng pamamahala at pangangasiwa ng Philippine National Construction Corporation (PNCC) sa nasabing bahagi ng South Expressway ay pinahintulutan ng Kataas-taasang Hukuman (Supreme Court);

***SAPAGKAT,*** ang pagkukumpuni ng mga sirang kalsada sa kahabaan ng South Expressway ay hindi naging palagian at ang naunang pagkamasigasig ng PNCC ay naging pansamantala at para bang ningas-kugon lamang;

***SAPAGKAT,*** sa kapabayaan ng PNCC, ang mamamayan ng Lungsod ng Muntinlupa ay lubhang naapektuhan at ngayon ay dumaranas ng sukdulang hirap. pagod at pagkaantala sa paglalakbay tuwing dadaan sa nasabing Expressway, pati na rin ang madaling pagkasira ng mga sasakyan sanhi ng lubak-lubak at baku-bakong bahagi nito;

***SAPAGKAT,*** sa kakulangan ng sapat na pangangasiwa ay nananatiling marumi ang kahabaan nito, patuloy na lumalago ang mga damo at iba't-ibang uri ng halaman. at hindi napapalitan ang mga namamatay o natutumbang punong-kahoy dito;

***SAPAGKAT,*** sa nasabi pa ring kapabayaan, naging laganap ang mga sakuna, krimen, at pagsasamantala ng ilang "Accredited Towing Service Operators" sa loob ng Expressway na sumisingil ng napakalaking halaga sa mga nasisiraang motorista;

***SAPAGKAT,*** sa kabila ng kanilang kakulangan sa serbisyo ay nagawa pang magtaas ng singil sa "Toll Fee."

***NGAYON, DAHIL DITO,*** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na hilingin. sa PNCC na ngayon ay hinihiling ang madalian at malawakang pag-aayos. paglilinis at pagkukumpuni ng mga sirang bahagi ng kahabaan ng South Expressway mula Nichols hanggang Alabang;

***PINAGPASIYAHAN PA,*** na bigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas at Department of Public Works and Highways.

***PINAGTIBAY*** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 7 ng Oktubre 1996. sa Lungsod ng Muntinlupa sa ginanap na ika - 57 Regular na Sesyon.

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-25-85
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**DI - DUMALO :**

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong Barangay

Pinatototohanan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINATUTUNAYAN:

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINAGTIBAY:

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

10/19

Petsa : 10/28